

# Gabay ng Magulang

Mahal na Magulang o Tagapangalaga,




Ginagamit ng aming paaralan ang *Reading Horizons Discovery*® na programa upang matulungan ang iyong mag-aaral na bumuo ng mga batayan na kasanayan sa pagbasa.

Ang programang ito ay gumagamit ng mga diskarte na nakabase sa pananaliksik upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga patakaran at pattern ng wikang Ingles— na humahantong sa mataas na kawastuhan sa pagbasa, pagbaybay, at pagbigkas.

Mangyaring suriin ang mga nakalakip na pahina upang malaman kung paano suportahan ang iyong mag-aaral habang ginagamit niya ang program na ito sa paaralan at sa bahay.

Sa pamamagitan ng paghikayat sa iyong mag-aaral na matugunan ang nakalakip na mga rekomendasyon, nakakatulong ka sa pagbuo ng kanyang mga kasanayan sa pagbasa!

Taos-puso



# Pag-access sa Bahay


Ang bahagi ng software ay maaaring ma-access sa bahay alinman sa online o sa isang iPad. Sundin ang mga direksyon sa ibaba upang matulungan ang iyong anak/mahal sa buhay sa pag-access sa programang ito sa iyong bahay:

Ang iyong mag-aaral ay makaka-access sa pamamagitan ng Clever portal ng distrito.




## Pag-access sa iPad

Upang ma-access ang programa sa isang iPad dapat mayroon kang isang iPad 2 o higit pa.



*Reading Horizons  
Discovery® Clubhouse*



*Reading Horizons  
Discovery® Vocab*

Upang magamit ang programa sa iPad, kakailanganin mong i-download ang sumusunod na mga libreng apps mula sa Apple Store:

Matapos i-download ang apps na ito, maa-access ng iyong anak o mahal sa buhay ang apps gamit ang parehong impormasyon sa pag-login na nakalista sa itaas. Ang apps ay gumagana nang suwabe. Ang mag-aaral ay kailangan lamang upang buksan ang Clubhouse at ito ay awtomatikong lilipat sa pagitan ng apps kung kinakailangan.

## Oras ng Software sa Bahay

Inirerekumenda kong maglaan ang iyong mag-aaral ng sumusunod na dami ng oras sa software bawat linggo mula sa bahay:

\_\_\_\_\_ minuto sa isang araw, \_\_\_\_\_ araw sa isang linggo.

# Mahalagang Mga Tala

## Next na Button

Kasama sa software ang iba't ibang mga pagpipilian at aktibidad na maaaring ma-access sa pamamagitan ng Clubhouse. Hinihikayat namin ang mga mag-aaral na piliin ang pindutan ng “NEXT” sa screen na ito nang kasing dalas hangga’t maaari kapag nag-navigate sa software. Sa pamamagitan ng pag-click sa pindutan ng “NEXT”, ang mga mag-aaral ay bababa sa pinaka-direktang landas papunta sa tagumpay sa pagbabasa. Mabuti para sa iyong mag-aaral na laruin ang iba't ibang mga pagpipilian sa Clubhouse, ngunit kung ginugol nila ang lahat ng kanilang oras sa Clubhouse, hindi nila matatanggap ang pagtuturo na kailangan nila.

## Mga pagtatasa

Mayroong isang serye ng mga pagtatasa na dapat makumpleto ng mga mag-aaral sa pagsisimula ng programa ng software. Ang mga pagtatasa ay ginagamit upang sukatin kung ano ang alam ng isang mag-aaral para magsagawa ng naaangkop na pagtuturo. Hindi kinakailangang kumpletuhin ng mga mag-aaral ang lahat ng ito nang sabay-sabay. Maaari silang bumalik at tapusin ito sa anumang oras. Kung ang iyong anak ay nasa gitna ng isang pagtatasa at nakumpleto ang kanilang inirekumendang oras para sa araw, okay nang sila ay tumigil sa gitna ng isang pagtatasa — ang kanilang progreso ay maise-save.

## Pagtugon sa Mga Tanong ng Mag-aaral

Hinihikayat ka naming tulungan ang inyong mag-aaral sa anumang mga katanungan na mayroon siya habang nagna-navigate o gumagamit ng software (mayroong mga pantulong na video na maa-access sa pamamagitan ng pag-click sa compass sa Clubhouse at teknikal na tulong sa [www.ReadingHorizons.com/support](http://www.ReadingHorizons.com/support)). Gayunpaman, hiniling namin na huwag mong basahin ang mga tanong o mga sipi o sabihin sa iyong mag-aaral ang sagot sa mga item sa mga pagtatasa at aralin. Sabihin lamang sa kanya na hulaan kung siya ay naipit o hindi alam ang sagot. Ang mga pagtatasa at aralin ay nagbigay ng sukat sa kasalukuyang kakayahan ng isang mag-aaral at tumugon nang naaayon. Alam namin na gusto mong tulungan, ngunit siguraduhin na nalalaman ng softwae ang alam ng iyong mag-aaral — hindi ang alam mo!

